



Labanan ang bagong pasistang diktadura ni Gloria Arroyo

Komite Sentral, Partido Komunista ng Pilipinas
Pebrero 26, 2006

Maring kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang "State of National Emergency" ni Gloria Arroyo. Nananawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino na lumaban at ubos-kayang makibaka upang ibagsak ang bagong pasistang diktadura ni Arroyo.

Matagal nang ginagamit ni Gloria Arroyo ang karahasan ng estado laban sa mga nagpuprotesta sa anti-nasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayang mga patakaran nito, at sa di nito pagging lehitimo, sa patung-patong nitong kasingalingan at sagad-sagarang kabulukan. Ipinalalabas na niya ngayon ang kanyang mga pasistang pangil.

Matagal nang pinaplanan ang batas militar sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Nakapagpatupad na ito ng mahabang listahan ng mga pasistang patakaran at hakbangin kabilang ang "no permit, no rally," "calibrated preemptive response," Executive Order 464, ang sistemikong pagpatay sa mga aktibista at lider ng kilusang protestang anti-Arroyo, ang malawakang mga operasyon at pang-aabuso ng militar sa iba't ibang panig ng bansa na tumatarget sa mga sibilyan, ang paniniktitik sa mga lider ng opisyon at ng demokratikong kilusang masa, at iba pa.

Malaon na nitong inaasam-asam na upisyal na makapagdeklara ng isang anyo ng batas militar. Ilang

ulit nitong tinangka sa mga nagdang-buwan na ipataw ang isang pasistang diktadura. Gayunman, binigo ng maiinit at laganap na protesta ang tangka nito noong Oktubre 2005 na samantalahan ang sumisidhing krisis bunsod ng tumataas na presyo ng langis para ilusot ang pagdedeklara ng State of Emergency sa pamamagitan ng Executive Order 467.

Katulad ng pagdedeklara ni Marcos ng batas militar sa pamamagitan ng Presidential Proclamation 1081, inilabas ni Arroyo ang sarili niyang Presidential Proclamation 1017 upang pag-ibayuhin ang mga mapanupil at pasistang hakbangin, kabilang ang planong pag-aresto sa mga lider at aktibista ng mga demokratiko at progresibong organisasyon at partido, at mga upisyal at tauhan ng gubyerno, militar at pulisya na kritikal sa rehimeng Arroyo.

Sa paglalabas ng Proclamation 1017, inangkin ni Arroyo ang mga kapanayarihan ng batas militar. Malaking kabalintunaan na eksaktong 20 taon matapos maibagsak ang pasistang diktadurang Marcos, isang bagong pasistang diktadura ang itinatag ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Tulad ni Marcos, nauwi na si Arroyo sa tahasang pagsisinungalingan ukol sa umano'y "taktikal na alyansa ng Kaliwa at Kanan (na tumutukoy ngayon sa alyansa umano ng PKP-

BHB sa mga pwersang rebelde sa lob ng AFP-PNP)... na sangkot sa isang "koordinado at sistemikong planong ibagsak ang halal na gubyerno," ukol sa plano umanong rebelyon na tinaguriang "Oplan Hackle" ng mga "ligaw na elemento" sa AFP-PNP, na pawang sinusuportahan at itinutulak "ng ilang elemento ng pambansang masmidya."

Upang bigyang-matwid ang Proclamation 1017, iginiit ng Malakanyang na balak umano ng ilang yunit ng militar at pulisya na hayagang magdeklara ng pag-aalis ng suporta sa rehimeng Arroyo at lumahok sa isang nakatakdang martsa at rali. Ang pinuno ng 1st Scout Regiment, ilang kumander ng Philippine Marines, PNP Special Forces at ibang yunit ng AFP-PNP sa prubinsya ay inaresto o inalis sa kanilang mga pweseta at mahigpit na minamanmanan.

Ang kagayat na nag-udyok at tinarget ng Proclamation 1017 ay ang malalaking martsa at rali na nakatakdang bisperas ng ika-20 anibersaryo ng pag-aalsang bayan sa EDSA at rebelyong militar laban sa diktadurang Marcos. Sa ngalan ng Proclamation 1017, binawi ng Malakanyang ang mga permisong magrali, iniutos sa mga pulis ang marahas na pagbuwag ng mga raliyistang nagmamartsa sa EDSA at pag-aresto sa mga lider nito, at hinadlangan ang mga rali sa Ayala Avenue at iba pang bahagi ng

Metro Manila. Layunin ng Proclamation 1017 na takutin ang mamamayan upang di na sumama sa mga demonstrason sa pangambang ang mga iyo'y humantong sa isang pag-aal-sang bayan.

Layunin din ng Proclamation 1017 ang buwagin ang malawak na nagkakaisang prenteng anti-Arroyo sa pamamagitan ng tahasang karanasan. Humantong na ito sa pag-aresto ng pinakaaktibong mga kritiko ng rehimeng Arroyo. Kahapo'y inaresto si Congressman Crispin Beltran ng Anakpawis sa batayan umano ng isang mandamyento de arresto noon pang 1985. Tinangka rin ngunit nabigo ang mga operatibang militar at pulis na dakpin sina Congressman Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna at Congresswoman Lisa Maza ng Gabriela Women's Party. Isa pang kritiko ni Arroyo, ang dating hepe ng konstabularya na si Gen. Ramon Montaño, ay inaresto rin kasama ni dating heneral Rex Piad. Balak ding arestuhin si dating senador at lider ng Reform the Armed Forces Movement (RAM) na si Col. Gringo Honasan at ilan pang dating upisyal ng militar at pulisya. Di kukulangin sa 100 na ang inaresto mula noong Byernes. May listahan ng di kukulangin sa 200 militar, pulis at sibilyang "destabilizer" na balak arestuhin ng rehimeng Arroyo.

Nagpapataw ng paunang restriksyon at nagbabantang supilin ang masmidya ng Proclamation 1017. Madaling araw ng Pebrero 25, nireyd ng mga operatibang pulis nang walang mandamyento ang upisina at imprenta ng *Daily Tribune* upang maghanap umano ng mga dokumento at ilang materyales.

Idineklara na ng Philippine National Police na kokontrolin nito ang operasyon ng *Daily Tribune*. Sa pakikipagpulong nito sa mga kinatawan ng masmidya, nagbanta rin ang National Telecommunications Commission na nasa katayuan itong kontrolin ang mga kumpanyang pambrodkas

na hindi susunod sa bagong mahihigpit na patakaran sa pag-uulat na itinakda ng rehimeng Arroyo. Upang tiyaking lahat ay susunod, inianunsyo ng pulisya na nagbuo na ito ng isang grupong magmamanman sa midya.

Mabibigo ang lahat ng hakbanning ito na supilin ang mga kalayaang sibil at mga protestang bayan at durugin ang kilusan para sa pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo. Sa mismong araw na inilabas ni Arroyo ang Proclamation 1017, ilampung libong mamamayan ang nanindigan laban sa patakaran nagbabawal sa lahat ng rali at lumahok sa mga demonstrasyong masa sa Ayala Avenue sa Makati. Pinaiigting ng Proclamation 1017 ni Gloria Arroyo ang panawagan ng mamamayang Pilipino na ibagsak ang kanyang diktadura.

Katulad ng pagkabigo ng diktadurang Marcos na supilin ang mga protesta at ang pagbagsak nito kalaunan, mabibigo ang diktadurang Arroyo na pigilan ang sumusulong na protesta at paglaban ng masa sa buong bansa. Nagtagumpay lamang si Arroyo na patibayin ang determinasyon ng mamamayan na ibayo pang palakasin ang mga protestang masa tungo sa isa muling pag-aalsang bayan. Lalo lamang niyang pinaiigting ang ligalig sa loob ng militar at pulisya at pinalalawak ang hanay ng mga determinadong magdeklara ng pag-aalis ng suporta sa rehimeng Arroyo. Hindi mapaluluhod ang mamamayang Pilipino. Determinado silang ipagpatuloy ang paglaban sa pasismo ng rehimeng Arroyo. Iginigiit niila ang pagwawakas sa rehimeng Arroyo at ang pagtatayo ng isang gubyernong tunay na magsusulong ng pambansang kalayaan at demokrasya.

Labis na kinamumuhian ng mamamayang Pilipino at maging ng mayorya ng mga upisyal at tauhan ng sarili nitong armadong pwersa at pulisya ang di lehitimo, papet, korap, bulok at ngayo'y tahasang pasistang

rehimeng Arroyo. Sa pagtatatag nito ng isang diktadura, lalo pang nahihiwalay ang rehimeng Arroyo.

Nananawagan ang Partido sa lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na ubos-kayang labanan ang bagong pasistang diktadura at mag-ambag sa pagbabagsak nito. Habang patuloy ang mahigpit na pagtalima ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa patakaran nagbabawal sa paglahok nito sa mga demonstrasyon at protesta sa Metro Manila at iba pang syudad, ang mga yunit nito'y dapat maglunsad ng mga maipagtatagumpay na taktikal na opensiba laban sa mga pasistang yunit ng reaksyunaryong armadong hukbo na pinakatapat kay Arroyo. Saan man may oportunidad, dapat din itong makipagkoordina sa mga yunit ng AFP at PNP na anti-Arroyo at mapagaibigan.

Nananawagan ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng mga demokratikong pwersa at sa malawak na masa ng sambayanan na palakasin ang anti-pasistang aspeto ng kanilang paglaban sa rehimeng Arroyo. Hinihikayat ng PKP ang mga tauhan ng militar at pulisya na huwag sundin ang mga pasistang kautusan ng kanilang mga heneral na supilin ang mga kalayaang sibil ng mamamayan. Ang mga anti-Arroyo at iba pang positibong pwersa sa loob ng militar at pulis na handang tumalikod sa rehimeng Arroyo ay hinihikayat ding lumahok at sumuporta sa mga demokratikong pwersa na puspusang naghahanda para sa panibagong pag-aalsang bayan. Sa harap ng tahasang pasismo, lalo pang umiigting ang paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa, mga elementong anti-Arroyo sa loob ng militar at pulisya at ng buong sambayanan ng Pilipino laban sa gumegewang-gewang ngunit kapit-tukong rehimeng Arroyo. Ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino ay determinado at nagkakaisa sa pakikibaka upang pabagsakin ang pasistang diktadura ni Gloria Arroyo.

Ang Proclamation 1017 ay desperado at pasistang hakbang na nag-uudyok sa mamamayan na paigtingin ang kilusan para patalsikin si Arroyo

Jose Ma. Sison, Senior Political Consultant, National Democratic Front Negotiating Panel

Nilabas ni Gloria M. Arroyo ang Proclamation 1017 para sabayang ideklara ang isang *state of emergency* at gamitin ang awtoridad ng *commander-in-chief* na tawagin ang mga tropa para supilin ang isang rebelyon. Sa pamamagitan ng proklamasyong ito, inangkin niya ang kapangyarihang ipabawal ang mapayapang mga pagtitipon, bawiin ang mga permit sa pagrarali na iginawad na ng mga meyor bilang bahagi ng kanilang tungkulin, iutos ang pag-aaresto nang walang mandamyento, suspindihin ang pribilehiyo ng *writ of habeas corpus* at iba pa.

Ang tunay na malademonyong layunin ni Arroyo sa pagpapalabas ng proklamasyon ay supilin ang mga pagtitipon ng mamamayan kaugnay ng pambansang pagdiriwang ng anibersaryo ng mga pangyayari noong Pebrero 22-25 1986 na nagresulta sa pagbabagsak kay Marcos. Takot na takot siya na ang mga aksyong masa ng mamamayang kritikal sa kanyang bulok at kinamumuhiang rehimeng ay makahihikayat sa sarili niyang mga pwersa sa militar at pulisya na alisan siya ng suporta.

Nagsagawa na nga siya ng umano'y mga aksyong panansala nang iutos niya ang pag-aresto sa mga upisyal ng militar at pulisya na pinagsususpectsahang tumututol sa kanyang rehimeng, bawiin ang mga permit sa pagrarali sa buong bansa at iutos ang marahas na

pagbubuwag sa mamamayang mapayapang nakatipon. Ipinakikita ng proklamasyon at ng mga kagyat na ibinunga nito na tinatakot ni Arroyo ang mamamayan at pati na ang sarili niyang mga upisyal sa militar at pulisya na pinaghihinalaan niyang nasa panig ng mamamayan.

Ang Proclamation 1017 ay desperado at pasistang hakbang ng isang labis na nahihiwalay na mang-aagaw ng awtoridad at ng kanyang maliit na pangkatin. Pinatutunayan nito na gagawin ni Arroyo ang lahat, kabilang na ang madugong pagsupil sa mamamayan at kanyang mga kalaban. Simula ito ng mas masasahol pang pasistang hakbang sa hinaharap kung hindi maagap na kikilos ang malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko, progresibo at iba pang pwersang anti-Arroyo para pigilin siya.

Para patalsikin ang rehimeng Arroyo, sapat na para sa ligal na patriyotiko, progresibo at iba pang mga pwersang anti-Arroyo at mga alyado nila sa mga aktibo at retiradong pwersang militar at pulisya na gawin ang lahat ng kanilang makakaya para mobilisahin ang kani-kanilang mga nasasaklawan at kabigin ang malawak na masa ng mamamayan sa mga gahiganteng aksyong masa sa paligid ng pala-syo ng presidente at mga susing lugar sa pambansang kabisera at mga prubinsya. Kinamumuhiang ng

mamamayan ang rehimeng Arroyo dahil sa pagpapakututa nito sa mga dayuhang interes, pandaraya sa eleksyon, korapsyon, kalupitan at pagiging sinungaling.

Ayon sa mga ulat na natanggap ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), determinado ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na ipagpatuloy ang pagpapaigting sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pagkokonsestra ng atake sa mga yunit militar, pulisya at paramilitar na itinuturing na tapat sa rehimeng Arroyo dahil sa hindi nila pagpapakita na sila ay kontra kay Arroyo sa pamamagitan ng pagwawagayway ng pulang bandila o ng bandila ng Pilipinas na nakataas ang pulang bahagi at pagpahintulot sa mga tropa na magsuot ng pulang *arm-band*.

Ayon pa rin sa parehong mga ulat, ninanais ng PKP, BHB at NDFP na mapalitan ang rehimeng Arroyo ng isang rebolusyonaryong konsehong transisyunal (na kinabibilangan kalakhan ng mga patriyotiko at progresibo) na may programang itaguyod ang pambansang soberanya at kasarinlan, ipatupad ang tunay na reforma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, itaguyod ang isang patriyotiko, demokratiko at syentipikong kultura, ipatupad ang isang independyenteng pata-

karang panlabas para sa kapayapan at kaunlaran, at piliin ang pakikipagtigil-putukan at pakikipag-alyansa sa mga rebolusyonaryong pwersa laban sa mga dayuhan at lokal na mapang-api at mapagsamantala.

Lumalabas sa ulat na lumalakas ang komun na kagustuhan sa hanay ng mga partidong oposisyunis-

ta, ligal na pwersa ng pambansademokratikong kilusan, retirado at aktibong anti-Arroyong upisyal ng militar at pulisia sa malawak na nagkakaisang prente na buuin ang isang konsehong transisyunal na maaaring makipagnegosasyon sa NDFP para makamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagharap

sa mga ugat ng gera sibil. Kung hindi ay hindi rin mababago ang pinamumunuan ng US na naghaharing sistema ng malalaking komprador, panginoong maylupa at bulok na mga upisyal ng gubyerno at hindi maitatatag ang isang bagong Pilipinas na tunay na independente, demokratiko, may katarungang panlipunan, maunlad at mapayapa.

Labanan ang bagong pasistang diktadura ni Gloria Arroyo

Komite Sentral, Partido Komunista ng Pilipinas
Pebrero 26, 2006

Maring kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang "State of National Emergency" ni Gloria Arroyo. Nananawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino na lumaban at ubos-kayang makibaka upang ibagsak ang bagong pasistang diktadura ni Arroyo.

Matagal nang ginagamit ni Gloria Arroyo ang karaasan ng estado laban sa mga nagpuprotesta sa anti-nasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayang mga patakaran nito, at sa di nito pagiging lehitimo, sa patung-patong nitong kasinungalingan at sagad-sagarang kabulukan. Ipinalalabas na niya ngayon ang kanyang mga pasistang pangil.

Matagal nang pinaplanan ang batas militar sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Nakapagpatupad na ito ng mahabang listahan ng mga pasistang patakaran at hakbangin kabilang ang "no permit, no rally," "calibrated preemptive response," Executive Order 464, ang sistemikong pagpatay sa mga aktibista at lider ng kilusang protestang anti-Arroyo, ang malawakang mga operasyon at pang-aabuso ng militar sa iba't ibang panig ng bansa na tumatarget sa mga sibilyan, ang paniniktitik sa mga lider ng opisyon at ng demokratikong kilusang masa, at iba pa.

Malaon na nitong inaasam-asam na upisyal na makapagdeklara ng isang anyo ng batas militar. Ilang

ulit nitong tinangka sa mga nagdang-buwan na ipataw ang isang pasistang diktadura. Gayunman, binigo ng maiinit at laganap na protesta ang tangka nito noong Oktubre 2005 na samantalahan ang sumisidhing krisis bunsod ng tumataas na presyo ng langis para ilusot ang pagdedeklara ng State of Emergency sa pamamagitan ng Executive Order 467.

Katulad ng pagdedeklara ni Marcos ng batas militar sa pamamagitan ng Presidential Proclamation 1081, inilabas ni Arroyo ang sarili niyang Presidential Proclamation 1017 upang pag-ibayuhin ang mga mapanupil at pasistang hakbangin, kabilang ang planong pag-aresto sa mga lider at aktibista ng mga demokratiko at progresibong organisasyon at partido, at mga upisyal at tauhan ng gubyerno, militar at pulisya na kritikal sa rehimeng Arroyo.

Sa paglalabas ng Proclamation 1017, inangkin ni Arroyo ang mga kapanayahan ng batas militar. Malaking kabalintunaan na eksaktong 20 taon matapos maibagsak ang pasistang diktadurang Marcos, isang bagong pasistang diktadura ang itinatag ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Tulad ni Marcos, nauwi na si Arroyo sa tahasang pagsisinungaling ukol sa umano'y "taktikal na alyansa ng Kaliwa at Kanan (na tumutukoy ngayon sa alyansa umano ng PKP-

BHB sa mga pwersang rebelde sa loob ng AFP-PNP)... na sangkot sa isang "koordinado at sistemikong planong ibagsak ang halal na gubyerno," ukol sa plano umanong rebelyon na tinaguriang "Oplan Hackle" ng mga "ligaw na elemento" sa AFP-PNP, na pawang sinusu-portahan at itinutulak "ng ilang elemento ng pambansang masmidya."

Upang bigyang-matwid ang Proclamation 1017, iginiit ng Malakanyang na balak umano ng ilang yunit ng militar at pulisya na hayagang magdeklara ng pag-aalis ng suporta sa rehimeng Arroyo at lumahok sa isang nakatakdang martsa at rali. Ang pinuno ng 1st Scout Regiment, ilang kumander ng Philippine Marines, PNP Special Forces at ibang yunit ng AFP-PNP sa prubinsya ay inaresto o inalis sa kanilang mga pwesento at mahigpit na minamanmanan.

Ang kagyt na nag-udyok at tinarget ng Proclamation 1017 ay ang malalaking martsa at rali na nakatakda sa bisperas ng ika-20 anibersaryo ng pag-aalsang bayan sa EDSA at rebelyong militar laban sa diktadurang Marcos. Sa ngalan ng Proclamation 1017, binawi ng Malakanyang ang mga permisong magrali, iniutos sa mga pulis ang marahas na pagbuwag ng mga raliyistang nagmamartsa sa EDSA at pag-aresto sa mga lider nito, at hinadlangan ang mga rali sa Ayala Avenue at iba pang bahagi ng

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com